

Pamamaraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa ilalim ng online distance learning sa panahon ng new normal

Lazar-De Ramon, Natividad ✉

Sorsogon State University, Philippines

Received: 10 May 2025
Available Online: 10 July 2025

Revised: 25 May 2025
DOI: 10.5861/ijrse.2025.25163

Accepted: 6 July 2025

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Natiyak sa pag-aaral na ito ang Pamamaraan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Ilalim ng Online Distance Learning sa Panahon ng New Normal. Sa paglikom ng datos gumamit ng Kwantitatibong disenyo sapagkat ito ang nakita na mas angkop gamitin. Purposive sampling ang ginamit sa pagtukoy ng mga kalahok. Binubuo ng 75 kalahok mula sa BEED 1A, 25 mula sa BSED Fil 1A at 25 sa BSED Fil 3A. Gumamit ng tseklist para sa mga kalahok. Gumamit din ng Talatanungan at pakikipanayam online. Sinuri at binigyan ng interpretasyon sa tulong ng nararapat na estadistika. Natuklasan; Nanguna, ang paggamit ng online lecture. Pangalawa, paggamit ng modyul Pangatlo, Google classroom ang maspinakagamitin sapagkat walang hassle sa paghatid ng impormasyon at mas madaling matuto ang mga mag-aaral dahil madali itong gamitin o ma access Pang-apat, sa posibleng epekto ng online distance learning sa ilalim ng new normal na pag-aaral mas nagkakaroon ng sapat na panahon sa pamilya at masnakatipid sa pinansyal. Ang teorya sa pag-aaral na ito ay naka-ankla sa paniniwala nina Jean Lave, Lev Vygotsky, John Dewey, at Einstienne Wenger. Naniniwala na ang pag-aaral ay nagaganap sa loob ng mga kontekstong sitwasyon. Ang mga mag-aaral ay nakakakuha ng kaalaman mula sa pagmamasid sa iba at pagsasanay sa sarili, sa makatuwid ay nagiging “mga mag-aaral na natuto sa pamamagitan ng pag-iisip at paggabay ng eksperto or cognitive apprentice” sa loob ng komunidad.

Keywords: online learning, distance learning, pamamaraam, new normal, pagkatuto

Pamamaraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa ilalim ng online distance learning sa panahon ng new normal

1. Introduction

Sa pagdating ng panahon at pagsibol ng bagong salin lahi masasabing edukasyon ang isa sa mga pinakamahahalagang bagay na maaaring maipamana. Kung kaya't, tulong-tulong ang bawat tao sa paghanap ng mga solusyon. Ito ang kaunaunahang pagkakataon sa kasaysayan ng Pilipinas at ng buong mundo na huminto sandili at magkaroon ng distance ang pagtuturo. Sistema ng edukasyon na kung saan ito ay nagtatakwil ng mga klase ng harapan at gagamitin ang iba't ibang mga modalidad sa pag-aaral ng may distansya bilang mga mode ng pagtuturo. "Ano man ang nangyari sa bansa, anumang hamong kinakaharap, dapat ipagpatuloy ang edukasyon, hindi maghihintay ang edukasyon, hindi maghihintay ang mga mag-aaral, magpapatuloy ang lahat sa proseso upang makapagbigay ng pag-asa at magpatuloy, makapag-ambag sa normalisasyon ng mga aktibidad ng bansa," Sec. Briones.

Bilang guro napakahalaga na makasigurado sa kagamitang pampagtuturo na gagamitin upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay makasabay sa online o distance learning na pag-aaral, kailangan din makasiguro kung ang bawat isa ay may interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante, Hindi linggib sa kaalaman na ang online class o distance learning ay isang hamon para sa lahat upang maging matagumpay. Naging palaisipan ito sa mananaliksik, kung natuto ba ang mag-aaral sa bawat estratihyang naibigay o hindi. Dahil sa katanungang ito napukaw ang kamalayan ng mananaliksik upang alamanin ang kabisaan/epekto nito sa bawat mag-aaral.

Subalit alam ng lahat, na ito ay may kakambal na hirap lalo na sa mga kaguruan at mga mag-aaral na walang internet at kulang sa gadget o kagamitang pampagtuturo. Kaya naman ito ay isang hamon sa mananaliksik natukuyin kung anong metodo ang epektibo o angkop na kagamitan para sa kanilang pagkatuto. Mahirap ang pag transfer ng learning o paghatid ng mensahe at pag reach out sa bawat mag-aaral. Kahit napakadali o klarado ng paksa na itinatuturo kung ang isang mag-aaral ay punong puno sa mga alalahanin at na dedepress dahil sa samot saring problema sa pamilya at sa pag-aaral ay walang learning na maililipat. Kung kaya't ninais ng mananaliksik na tukuyin kung ang mga kagamitang pampagtuturo na ginamit ng mga kaguruan sa kanilang pagtuturo ay naging akma o naging sapat ba para matuto ang bawat mag-aaral. Alam natin na ang online learning ay gumagamit ng teknolohiya na mag-uugnay at maghaharap sa dalawa sa pagsasalin ng karunungan, kasanayan, at palitan ng mga kuro-kuro.

Ang paaralan ay isang plataporma rin na kung saan ang mga bata ay rito napapa-unlad ang mga kasanayan o ibat ibang intelhensyang taglay hindi lamang sa akademiko kundi pati na sa pakiki-salamuha at pagsasagawa ng mga extra-curricular na gawain. Ang pag-aaral sa pamamagitan ng online class ay dapat mapailalim pa sa pamamagitan ng mga pananaliksik at pagbasa ng iba pang mga sanggunian tulad ng mga aklat, kung kayat ang pag-aaral na ito ay maaaring makatulong lalo na sa mga kaguruan, mga mag-aaral at ahensya ng edukasyon at iba pang mga mananaliksik na may katulad na pag-aaral.

Ayon sa batas ng Republika (RA) 10650, o ang tinatawag na "Open Distance Learning Act", na nilagdaan ni Pangulong Aquino noong Disyembre 9, 2014, ang batas na ito ay naglalayong (a) demokratisahin ang pag-access sa dekalidad na edukasyon sa tertiary sa pamamagitan ng promosyon at aplikasyon ng bukas na pag-aaral bilang isang pilosopiya ng pag-access sa mga serbisyong pang-edukasyon. (b) Nilalayan din ng bagong batas na ipatupad ang distansya ng edukasyon bilang isang naangkop, na may mahusay at mabisang sistema ng paghahatid ng kalidad ng mas mataas at teknikal na mga serbisyong pang-edukasyon sa bansa. Sa batas na ito malinaw na inilad na dapat magkaroon ng mahusay na sistema sa paghahatid ng di kalidad na edukasyon sa bawat mag-aaral. Kung kayat ito ang nais siguraduhin ng mananaliksik kung ito ay natugunan ba ng mga kaguruan o ng ibat ibang ahensya ng gobyerno.

Batay naman sa Batas Republika Blg. 11448, isang batas na napagpapalawak ng pag-access sa mga serbisyong pang-edukasyon sa pamamagitan ng pagtatag sa pangangasiwa ng Transnational masmataas na edukasyon at pag-apruba ng mga pondo para rito. (<http://www.manilatimes.net>). Mahalaga na makita ng gobyerno ang kawalan ng ilang mga mag-aaral ng kakayahan na makipagsabayan sa online learning dahil sa kawalan ng gadget na magagamit at kakulangan sa pinansyal marami parin ang napag-iwanan kaya mahalaga namakita ng gobyerno ang kahinaang ito. Dapat magtalaga sila ng libreng wifi sa pampublikong lugar, at magdagdag ng ayuda upang lahat ng kabataang mag-aaral ay makasabay sa ating new normal na pag-aaral.

Ayon naman sa Artikulo XIV ng ating 1987 konstitusyon na kailangang protektahan at itaguyod ng estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan na magkaroon ng kalidad ng edukasyon sa lahat ng antas, at gumawa ng mga naaangkop na hakbang upang gawing ma-access ng lahat ang naturang edukasyon. Sa karapatang ito ng mga mamamayang Pilipino malinaw na ipinapabatid lalo na sa kinauukulan na tulungan ang mga mamayang walang-wala na maka-access at makasabay sa tinatawag may kalidad na edukasyon para sa lahat. Nakasaad sa Batas Republika blg.10533 sek.2 (a) o mas kilala sa “Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013.” Na “Bigyan ang bawat mag-aaral ng pagkakataon na makatanggap ng mabuting edukasyon sang-ayon sa pamantayang pandaigdig na batay sa isang kurikulum na may mainam na pedagohiya na katapat ng mga pamantayan sa ibang bansa.

Objectives/purpose of the Study - Layunin ng pag-aaral na ito na masuri at malaman ang Pamamaraan ng Pagkatuto ng mga Mag-Aaral sa Ilalim ng Online Distance Learning sa Panahon ng New Normal 1. Matukoy ang pedagohiyang pamamaraan ng mga piling guro sa Pilipino; 2. Mga kagamitan sa pagtuturo ng mga mag-aaral ang maaaring iangkop para sa malayuang pagkatuto; 3. Epekto ng mga kagamitang pampagtuturo sa mga estudyante sa ilalim ng new normal; 4. Makapagbigay ng solusyon at mga panukala batay sa resulta ng pag-aaral.

2. Methodology

Ang Pamamaraan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Ilalim ng Online Distance Learning sa Panahon ng New Normal ay ginamitan ng kwantitatibong disenyo para sa paglikom ng datos. Purposive sampling ang ginamit sa pagtukoy ng mga kalahok. Ang Target na mga kalahok ay mga mag-aaral mula sa tertiary lebel. Gumamit din ng tseklist at talatanungan para sa mga kalahok. Ibinigay ito sa pamamagitan ng online sapagkat hindi pweding lumabas dahil sa pandemya. Nagsagawa rin ng pakikipanayam online gamit ang midya sa mga mahirap maabot ng talatanungan upang mas lalong makakuha ng datos na kakailanganin sa pag-aaral.

3. Results and Discussion

Talahanayan 1

Mga Pedagohiya o pamamaraang pinakamabisang gamitin ng mga guro sa Online distance learning na pagkatuto

Metodo	BEED 1-A (25)	BSED FIL. 1A (25)	BSED Fil 3A (25)	Kabuuan (75)	Ranggo
Online lecture	17	19	14	50	1
Video chat	7	5	2	14	7
Fb/pm	6	8	4	18	6
Messenger	17	17	11	45	2
Audio Visual	11	10	7	28	5
Electronic computer	3	2	5	10	8
Virtual classroom	13	13	8	34	4
Home activities	13	19	12	44	3

Base sa naging resulta, ipinapakita sa talahanayang ito, na nanguna sa pinakamabisang estatistiyang sa online distance learning ay ang paggamit ng online lecture na may kabuuang bilang na limampu (50), sinundan ito ng messenger na may bilang na apatnaput limang (45) bilang at pangatlo, ay home activities na may bilang na apatnaput apat (44) na kabuuan. Kung susuriing mabuti batay sa pagkakasunod-sunod hati parin ang mga

mag-aaral sa mga kagamitang pampagtuturong ginamit. Sinabi ni Cathy Li ng World Economic Forum, na mas epektibo ang online kesa sa pag-aaral sa loob ng silid paaralan. Sapagkat ayon sa kanya mas natatandaan ng mga estudyante ang 25%-60% ng kanilang natutuhan online kumpara sa 8-10% lang kung sa silid-paaralan ito itinuro. Samantalang 40-60% ang nababawas na oras para matutuhan ng mga bata ang isang aralin sa online learning. Sapagkat ito raw ay dahil kayang balik-balikan ng bata ang aralin, pweding lumaktaw at umabante sa ibang konsepto batay sa sariling kakayahan ng bata.

Talahanayan 2.A

Mga kagamitan sa pagtuturo ng mga mag-aaral ang maaaring iangkop para sa malayuang pagkatuto

Metodo	BEED 1-A (25)	BSED FIL. 1A (25)	BSED Fil 3A (25)	Kabuuan (75)	Ranggo
Kompyuter/laptop	17	16	18	51	2
Radio broadcast	4	2	3	9	3
Modyul	20	17	18	55	1
Mobile phone	4	0	2	6	4
Tablet	4	0	0	4	5
Printed materials	3	0	0	3	6

Batay sa naging resulta ng sarbey ipinapakita sa talahanayan 2.A ang kagamitang na maaaring gamitin sa malayuang pagkatuto. Ayon sa kinalabasan ang nanguna ay ang paggamit ng modyul na may kabuuang bilang na limampung limang (55) bilang, pinapangalawahan, ito ng kompyuter/laptop na may bilang na limampung isang (51) bilang, pangatlo, ay ang radio broadcast na may bilang na siyam (9) ang radio broadcast ay nais ng mga respondente nagamitin para sa mga mag-aaral na walang pambili ng gadget upang makasabay at hindi mapag-iwan ng mga lectures. Binanggit ni Contreras, na hindi dapat nababagot ang mga batang mag-online para mag-aral bagkus sa new normal ng ating education dapat maging isang masayang karanasan ng bata at titser.

Talahanayan 2B

Mga alternatibong platforms sa ilalim ng online distance learning

Platforms	BEED 1-A (25)	BSED FIL. 1A (25)	BSED Fil 3A (25)	Kabuuan (75)	Ranggo
Google classroom	25	25	24	74	1
Moodle	9	9	12	30	4
Clouds	3	4	0	7	9
Learning management system (LMS)	14	15	20	49	2
Electronic & non electronic method	12	16	11	39	3
Self-directed learning	9	8	4	21	5
Simulation	5	8	0	13	7
Case base scenarios	7	4	1	11	8
Assignments	11	10	7	18	6

Sa paghatid ng impormasyon sa mga mag-aaral nanguna, ang google classroom na may kabuuang bilang na pitongput apat (74), ayon sa naging resulta halos lahat ng mga kaguruan ito ay ang pinakagamitin. Sapagkat madali itong pag-aralan at walang hassle sa paghatid ng impormasyon, mas madaling matuto ang mga mag-aaral dahil madali itong gamitin o ma access. Pangalawa, ay ang paggamit ng learning management system or yong tinatawag na (LMS) na maykabuuang bilang na apatnaput siyam (49), pangatlo, ay ang paggamit ng electronic at non-electronic method na may bilang na tatlungput siyam (39) na kabuuan. Sa talahanayang ito ipinapakita parin ang pagkakahati ng mga informante sa mga gamiting platforms. Ayon kay Antonio Contreras (Manila times. May 7, 2020), Noong 2017, 80% ng mga Pilipino na ang edad ay 18-24 ay nakakapag-online. Sinabi niya na ito ay isang malaking hamon kung paano mabubuksan ang isipan ng age group na ito na ang internet ay tagapaghatid din ng edukasyon at hindi lamang ito kasangkapan ng libangan, aliwan, at pakikipag-ugnayan sa mga FB friends at mga followers. Minungkahe na pagsamahin ang edukasyon at libangan sa pagdisenyo ng mga program sa online at offline learning sapagkat “learning should be fun”.

Talahanayan 3.1

Mga posibleng epekto ng online o distance learning sa ilalim ng new normal na pag-aaral

POSITIBONG EPEKTO	BEED 1-A (25)	BSED FIL. 1A (25)	BSED Fil 3A (25)	Kabuuan (75)	Ranggo
Maraming natutuhan ang mga bata	4	1	0	5	4
Nakakatipid sa pinansyal	22	15	5	42	2
May sapat na panahon sa pamilya	18	16	18	52	1
May sapat na oras para mag-aral ng mga leksyon	8	13	17	38	3

Sa online distance learning sa ilalim ng new normal na pag-aaral ipinapakita ng talahanayan na ito ang naging resulta ng sarbey na kung saan inilahad ang positibong epekto sa ilalim ng pandemya. Nanguna, rito ang pagkakaroon ng sapat na panahon sa pamilya na may kabuuang bilang na limampung dalawa (52). Pangalawa, ay ang masnakatitipid sa pinansyal na pangangailangan na may bilang na apatnaput dalawa (42), pangatlo, may sapat na oras para mag-aral ng mga leksyon na may bilang na tatlumpit walo (38), at pang apat ay mas maraming leksyon ang natutuhan ng mga mag-aaral may bilang na lima (5). ito ang mga naging positibong epekto base sa naging kinalabasan ng ginawang pag-aaral ng mananaliksik.

Talahanayan 3.2

Mga Negatibong epekto ng online o distance learning sa ilalim ng new normal na pag-aaral

NEGATIBONG EPEKTO	BEED 1-A (25)	BSED FIL. 1A (25)	BSED Fil 3A (25)	Kabuuan (75)	Ranggo
Kulang sa pukos o atensyon sa pag-aaral	18	22	23	63	2
Hindi lahat ng mag-aaral ay may kakayahang makapag-online class	23	24	22	69	1
Hindi tapat sa pagsagot ng mga pagsusulit	22	18	16	56	3
Problema sa pamilya	2	0	0	2	4.5
Hindi nakapapasa sa tinakdang oras dahil walang pambili ng load	2	0	0	2	4.5
Walang sapat na natutuhan sa bawat leksyon	1	0	0	1	7
Nakakaapekto sa mental health ng mag-aaral	2	0	0	2	4.5

Sa inilahad na resulta ipinapakita rito na ang nanguna ay hindi lahat ng mga mag-aaral ay may kakayahang makapag-online class na may kabuuang bilang na animnaput siyam (69, sinundan ito ng kulang sa pukos o atensyon ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral na may kabuuang bilang na anim naput tatlo (63) sapagkat nahahati ang kanilang oras sa mga gawaing pambahay. Pangatlo ay ang hindi tapat sa pagsagot ng mga pagsusulit na may bilang na limampung anim (56) na kabuang bilang ng sumagot. Ayon sa mga respondent marami ang na tetempt na mangupya ng sagot dahil takot silang bumagsak sa klase.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa natuklasan, inilalahad ang mga sumusunod na kongklusyon: 1.Base sa naging resulta, ipinapakita na nanguna ang pinakamabisang estatihyang pinakagamitin sa online o distance na learning ay ang paggamit ng online lecture. 2. Kagamitang na maaaring gamitin sa malayuang pagkatuto. Ayon sa kinalabasan ang nanguna ay ang paggamit ng modyul na may kabuuang bilang na limampung limang (55) bilang. 3. Sa paghatid ng impormasyon sa mga mag-aaral nanguna, ang google classroom na may kabuuang bilang na pitongput apat (74), Ipinapakita na halos lahat ng mga kaguruan ito ay ang pinakagamitin dahil madali itong pag-aralan at walang hassle sa paghatid ng impormasyon at mas madaling matuto ang mga mag-aaral dahil madali itong gamitin o ma access. Pangalawa, ay ang paggamit ng learning management system or yong tinatawag na (LMS) na

maykabuuang bilang na apatnaput siyam (49), 4. Sa online distance learning sa ilalim ng new normal na pag-aaral. Nanguna, rito ang pagkakaroon ng sapat na panahon sa pamilya na may kabuuang bilang na limampung dalawa (52), 5. Sa negatibong resulta nanguna ay ang hindi lahat ng mga mag-aaral ay may kakayahang makapag-online class na may kabuuang bilang na animnaput siyam (69).

Narito ang ilang mga mungkahe upang maslalong mapabuti ang online o distance learning: 1. Gumawa ng video presentasyon/ PPT ang mga guro ng kanilang mga lessons upang mabalikan ito ng mga mag-aaral na hindi makapag-online gawan ng walang signal at walang pambili ng load o walang gadget na magamit or in short hindi makasabay sa online meeting. 2. Bigyan ng pansin ng gobyerno ang mga mag-aaral na walang kakayahang makabili ng gadget at panload upang makasabay sa online learning. 3. Magkaroon ng free wifi sa mga pampublikong lugar para sa mga mag-aaral na walang wala. 4. Magkaroon ng maayos na komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral sapagkat maraming mga mag-aaral ang hirap sa pag-unawa lalo na sa hindi malinaw na diriksyon ng mga gawain. 5. Magbigay ng konsiderasyon sa mga gawain, magbigay ng sapat na oras sa online discussion, upang maiwasan ang depresyon na nararamdaman sa pagitan ng guro at mag-aaral.

5. Sanggunian

- Bawa, P(2016). Pagpapanatili sa mga kurso sa online: Pagtuklas sa mga isyu at solusyon-isang pagsusuri sa panitikan. Buksan ang SAGE,6 (1),1-11
- Boton, EC, & Gregory, S. (2015). Pinapaliit ang pag-akit sa mga kurso sa online degree, Journal of Educators Online, 12 (1), 62-90.
- Bricknell, LK, & Muldoon,N. (2013). Pag-isipang muli sa online na pagtuturo at pagkatuto: Isang pag-aaral ng kaso ng isang diskarte sa pagdidisenyo isang kapaligiran sa pag-aaral sa online. Ang International journal of Technology, kaalaman, at Lipunan, 8 (4).
- Cui, G, Lockee, B., & Meng, C. (2013). Pagbuo ng modernong pagkakaroon ng panlipunan sa online: Isang pagsusuri ng teorya ng pagkakaroon ng lipunan at mga implikasyon ng disenyo ng pagtuturo para sa mga kaugnay na uso. Mga teknolohiya sa Edukasyon at impormasyon, 18 (4), 661-685.
- Dockter, J.(2016). Ang problema ng pagkakaroon ng pagtuturo sa mga transactional na teorya ng distansya na edukasyon. Mga kompyuter at Komposisyon, 40, 73-86.
- Eom, S, (2019), Ang mga epekto ng pangganyak ng mga mag-aaral sa pinaghihinalaang mga kinalabasan ng e-aaral at kasiyahan. Journal of Higher Education Theory and practices. 19 (7).
<https://doi.org/10.33423/jhetp.v19i7.2529>.
- <https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/06/08/2019295/pangalawang-problema-edukasyon>
- Magi Gunigundo, People's Tonight, May 10, 2020
- <https://archive.journal.com.ph/editorial/opinion/online-learning-sa-new-normal-ng-edukasyon>
- <https://tl.airport-consultant.com/chto-takoe-produktivnoe-obuchenie-innovacionnie-metodiki-obucheniya>
- <https://pdfcoffee.com/filipino-thesis-group-3-2020-2021docx-pdf-free.html>
- <https://www.manilatimes.net>
- <http://lawphil.net>
- <http://www.lexology.com>
- <http://www.bigsassociates.com>